

DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

SALAYSAY NG BUHAY
ng Pamilyang Pantawid

TUNGKOL SA PABALAT NG PAHAYAGAN

Ang poster na ito ay nilikha ng Pamilya Dadulo mula sa Mexico, Pampanga upang ilarawan ang kanilang buhay bilang benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Ayon sa pamilya, ang programa ay nagsilbing katuwang nila sa pagpapabuti ng kanilang pamumuhay. Nakatulong ito upang makapagtapos ng pag-aaral ang kanilang panganay na anak sa kolehiyo samantalang ang tatlo pa nilang anak ay napapag-aral din nila sa kasalukuyan. Dahil sa programa, maraming oportunidad ang nagbukas para sa kanila na nakatulong sa kanilang pag-unlad.

CONTRIBUTORS

DSWD Field Office CAR
DSWD Field Office NCR
DSWD Field Office I
DSWD Field Office II
DSWD Field Office III
DSWD Field Office CALABARZON
DSWD Field Office MIMAROPA
DSWD Field Office VI
DSWD Field Office VII
DSWD Field Office VIII
DSWD Field Office IX
DSWD Field Office XI
DSWD Field Office CARAGA

CONSULTANTS (Pantawid Pamilyang Pilipino Program)

Director Gemma B. Gabuya, National Program Manager
Director Venus F. Rebuldela, Deputy Program Manager for Operations
Director Ernestina Z. Solloso, Deputy Program Manager for Support

EDITORIAL TEAM (4Ps-Social Marketing Division)

Ofelia DR. Escauriaga, Division Chief
Marie Grace O. Ponce, Public Relations Officer IV
Chona Marie C. Billones, Information Officer III
Maria Alyssa L. Esguerra, Information Officer III/ Media Production Specialist
Roxanne Faye V. Ochoa, Information Officer III
Glennald O. Porillo, Media Production Specialist

Inilathala ng 4Ps-Social Marketing Division 2020

SALAYSAY NG BUHAY ng Pamilyang Pantawid

Simula noong itinatag ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) noong 2008, ito ay nakapagbigay-serbisyo na sa 5,089,199* na mahihirap na pamilyang Pilipino. Sa pagsasabatas ng Republic Act No. 11310 o mas kilala bilang 4Ps Law noong 2019, mas napagpatibay pa ng programa ang layunin nitong maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga mahihirap na pamilya bilang pambansang estratehiya ng pamahalaan upang labanan ang kahirapan.

Matapos ang halos sampung taong pagbibigay-serbisyo, hindi na rin matatawaran ang mga nakamit na tagumpay ng programa lalo na sa pagpapabuti ng nutrisyon, kalusugan, at edukasyon ng mga benepisyaryo nito. Ang pahayagan na ito na pinamagatang, *"Salaysay ng Buhay ng Pamilyang Pantawid"* ay koleksyon ng mga istorya ng mga benepisyaryo ng programa mula sa sarili nilang kwento at sulat. Layunin nitong ipakita at ipagmalaki ang mga pagbabago sa buhay ng bawat pamilyang benepisyaryo ng 4Ps.

Ang mga kwento ng bawat benepisyaryong 4Ps na nakalakip dito ay kwento ng pagbabago, pag-asa, at pangarap na natupad dahil sa tulong ng programa at sama-samang pagkilos ng buong pamilya.

**datos noong December 2020*

TALAAN
ng Nilalaman

i	**Tungkol sa Pabalat ng Pahayagan**
ii	**Salaysay ng Buhay ng Pamilyang Pantawid**
iii	**Talaan ng Nilalaman**
1	**4Ps Kaagapay**
2	Lontayao Family
5	Gurango Family
8	Mangalino Family
11	Padohinog Family
14	Baco Family
17	Ballebas Family
19	**4Ps Katuwang**
20	Amores Family
24	Rafael Family
27	Gabane Family
30	Rodas Family
33	**4Ps Kaisa**
34	Ballogan Family
37	Julhari Family
40	Balucas Family

4Ps Kaagapay
sa tagumpay

Ang 4Ps ay mayroong **4,324,689 aktibong benepisyaryo** sa kasalukuyan ayon sa datos nito noong Disyembre 2020. Sa tulong ng cash grants mula sa programa, ang mga benepisyaryo ay nakakatugon sa kanilang mga pangunahing pangangailangan sa edukasyon, nutrisyon, at kalusugan. Sa pamamagitan ng kanilang pagdalo sa buwanang Family Development Session (FDS) at Youth Development Session (YDS), lumalawak din ang kanilang kaalaman at napapagtibay ang kanilang kapasidad.

Pangunahing layunin ng 4Ps ay ang maghulma ng bagong henerasyon ng mga malulusog na bata na may kakayahang makapagtapos ng pag-aaral upang mas maging matagumpay sa buhay. Ang salaysay ng buhay ng mga pamilya sa bahaging ito ay nagpapakita kung paano unti-unting nakakamit ng programa ang layuning ito.

Siquijor, Siquijor

Lontayao Family

Isinulat ni Mechelle Lontayao

Marami sa ating mga pamilyang Pilipino ang nabibilang sa pinaka mahirap o tinatawag na "isang kahig isang tuka".

Dito sa maliit na isla ng Siquijor, napakahirap ng buhay. Nakatira lang kami sa isang maliit na barung-barong. Ang aking asawa ay isang manlalambanog na nabebenta lamang sa halagang apat na piso kada isang tabo ng pinutol ng 1.5 litro ng *Coke*. Kumikita kami sa isang linggo ng isang daan at apatnapung piso. Ako naman ay isang simpleng maybahay lamang na nag-aalaga ng aming dalawang anak.

Dahil sa walang sapat na kita, lagi itong dahilan ng pagtatalo naming mag-asawa. Nanlulumo ako sa aming sitwasyon at naitanong ko sa aking sarili, "ganito ba talaga kahirap bumuo ng pamilya?". Hindi ko sukat akalain na darating ang araw na mas magiging mahirap pati ang pagbili ng bigas. Kailangan mong makakuha ng numero dahil madaling araw pa lang, mahaba na ang pila para lamang sa dalawang kilong bigas. Kapag naubusan kami ng NFA rice bumibili na lang ako ng yellow corn rice na tinatawag ngayon na *corn grits* o pagkain para sa manok.

Hindi naglaon, nagsimula na ang pag-aaral ng aming mga anak. Dahil doon ay mas lalo na kaming nahirapan. Naging mahirap ang pagtustos namin sa kanilang pangangailangan. Kinailangan naming mangolekta ng lumang

notebook na pinaggamitan na at mula doo'y kukunin namin ang mga pahinang hindi pa nasusulatan upang gawing bago.

Minsan naman, pumapasok ang mga anak ko na walang baon. Sobrang naramdaman ko, bilang nanay, ang sakit sa dibdib na makitang inggit na inggit ang aking mga anak sa baon at sa mga bagong gamit ng kanilang mga kaklase. Tuwing bayaran na ng mga *miscellaneous fee*, lagi na lang kaming huling nakakapagbayad.

Sabi ko sa sarili ko, hindi ko na kayang makitang nahihirapan ang aking mga anak at kailangan ko nang gumawa ng paraan para matulungan ko ang asawa ko sa mga gastusin sa bahay. Pumasok ako bilang labandera at kumita ako rito ng isang libo at tatlong daan (P1,300.00) kada buwan. Pero hindi pa rin ito sapat.

Nang mag Grade 1 na ang aming panganay na anak, pinapadalhan ko siya ng isang supot ng mga kendi para maibenta niya sa kaniyang mga kaklase. Laking tuwa ko sa tuwing sinusundo ko na sila tuwing hapon at ubos na ang paninda niyang mga kendi.

Mahirap man ang pamumuhay namin pero sinikap pa rin naming maitaguyod ang kanilang pag-aaral.

Isang araw sa taong 2009, may dumating mula DSWD na nag-interview sa amin at nag-usisa sa estado ng aming pamumuhay. Taong 2012 nang kami ay napabilang sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Noon din namin natanggap ang kauna-unahan naming *cash grant*.

Naging daan ang programang ito upang mas mapaunlad ang aming pamumuhay. Nakatulong ang programa lalo't higit sa pag-aaral ng aming mga anak. Nabibili na namin ang kanilang gamit sa paaralan. Nakakabayad na rin kami sa takdang araw. Maging ang kanilang mga proyekto sa paaralan ay natutugunan na rin.

Malaking tulong din ang programa sa aming kalusugan. May buwanang libreng check-up kami sa aming health center bukod pa sa libreng gamot na kanilang pinamimigay.

Dahil sa *cash grant* na natatanggap namin, nakakapaglaan na kami mula sa aming kinikita para sa iba pang gastusin sa bahay. Paunti-unti ay nakapagpatayo kami ng sarili naming bahay. Sa aming pagdalo sa Family Development Sessions naman ay mas napaunlad ko ang aking sarili. Nakatulong din ang mga *capability building training* na aking nasalihan. Naging mataas ang aking kumpyansa sa sarili, at naging daan para makapasok ako bilang Child Development Worker sa aming barangay.

Naging maayos ang aming pamumuhay nang dahil sa 4Ps. Naging consistent honor student ang mga anak ko mula daycare hanggang high school. Nagkaroon ng maayos na trabaho ang asawa ko bilang karpintero sa tulong din ng mga *trainings* mula sa TESDA. Naging aktibo kami sa simbahan at ako ay naging leader ng Basic Ecclesial

Community (BEC) at pinamumunuan ko ang mga *senior citizen* sa aming sitio.

Ngayong panahon ng pandemya, isa ako sa nag-*volunteer* bilang *frontliner* sa aming barangay.

Isa rin sa pinakamagandang nangyari sa amin ay nang mabigyan kami ng *livelihood project* na patuloy naming pinalalago kasama ang iba pang benepisyaryo ng 4Ps.

Walang humpay kaming nagpapasalamat sa Panginoon at binigyan Niya kami ng pagkakataon na maging bahagi ng 4Ps. Ang pinakamahalagang natutunan namin sa programa ay ang pagiging matiyaga at masipag gayundin ang pakikipagkaisa, pagkakaunawaan, pagtutulungan, pakikinig sa opinyon ng bawat isa, at pag-iipon o pag-iimpok para sa aming pamilya.

Ang lahat ng natutunan namin sa Family Development Sessions (FDS) ay mas lalong nagpatibay ng pundasyon ng aming pamilya.

Sa ngayon, natupad na namin ang aming pangarap na magkaroon ng sariling bahay, kahit hindi pa man ito tapos. Masaya kami dahil may maayos na kaming matutuluyan. May sarili na rin kaming linya ng tubig at kuryente.

Ang tanging pangarap namin ngayon ay makapagtapos ng pag-aaral ang aming mga anak at magkakaroon ng magandang trabaho para sa kanilang magandang kinabukasan, at nang sa gayo'y makatulong din sila sa iba pa naming kamag-anak.

Humarap man kami sa maraming hamon sa buhay, naniniwala akong hindi hadlang ang kahirapan para makatawid ang aming pamilya tungo sa kasaganahan. Marami kaming natutunang mag-asawa sa lahat ng pagsubok na dumating sa aming buhay. Kailangan lang na huwag mawalan ng pag-asa, laging manalig sa Diyos, at sa tuwing may biyayang darating ay huwag makalimot ibahagi rin ito sa iba. ###

Infanta, Quezon

Gurango Family

Isinulat ni Loida Gurango

Ang pangarap ng aming mga anak ay pangarap din naming mag-asawa. Anim ang aming anak at lahat sila ay nangangarap na makatapos ng pag-aaral at magtagumpay. Tanging pag-aalaga ng bukid, pagtatanim ng palay at pagpapawid ang ipinantutustos naming mag-asawa sa kanila.

Mahirap ang aming buhay lalo na't sabay-sabay halos silang nag-aaral. Ngunit, para sa pangarap namin, ginawa naming araw ang gabi para makapagtrabaho. Isang kahig, isang tuka man kami at kahit utangin man namin, igagapang at igagapang namin sila para makamit ang kanilang mga pangarap.

Sa kabila ng aming kahirapan ay hindi naman kami nakakalimot manalangin sa ating Panginoong Diyos at ito ang nagpapanatili ng pagiging matatag ng aming pamilya. Maliit pa lamang ang aming mga anak ay hinubog na namin sila sa paglapit sa Panginoon. Hindi kami pumapalya sa pagsamba dahil nakatatak sa aming puso't isipan ang takot sa Diyos. Ito na rin ang nagiging *bonding* naming mag-anak bukod sa aming sama-samang pagkain na may kaunting kwentuhan at pagpapayo.

Bagama't nakapagtapos na ng pag-aaral ang dalawa naming anak, may apat pa kaming patuloy na pinag-aaral.

Taong 2009 nang may taong

pumunta sa aming tahanan upang mag-*survey*. Makalipas ang tatlong taon, doon ko napag-alaman na ang survey na iyon ang naging dahilan upang mapasali ang aming pamilya sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Salamat sa Panginoon at sa ating gobyerno, may maidaragdag na ako sa gastusin ng mga anak ko.

Tunay na malaki ang tulong sa amin ng *financial assistance* na ipinagkakaloob ng 4Ps. Kung dati ay hindi ko nababayaran agad ang *contribution* sa eskwela, ngayon ay inuuna ko ito kapag nag-*payout*. May pantustos na rin kami sa mga gamit ng mga anak ko, vitamins, pagkain at iba pang pangangailangan sa bahay. Sabi ko nga, hindi ko na uutangin pa ang mga ito.

Malaki rin ang naitulong sa amin ng Family Development Sessions o FDS. Nabigyan ako ng mga panibagong kaalaman at na-*develop* ko ang aking sarili, lalo na nang maging Parent Leader ako. Dati ay hindi ako nakikisalamuha sa ibang mga tao dahil likas sa akin ang pagiging mahiyain. Lumakas ang aking loob at nagkaroon ng tiwala sa sarili kaya't natuto akong makipagtalakayan at makisama sa ibang tao. Pati na ang aking asawa at mga anak ay madaming natutunan sa 4Ps kaya naman mas lalong napabuti ang pagsasamahan ng aming pamilya.

Napakaganda ng layunin na itinuturo sa FDS tulad ng kung paano ang tamang pagba-*budget* ng pera, paghahanda at pagpaplano ng pamilya kung may darating mang sakuna o kalamidad, tamang pangangalaga ng kalikasan, at pagbibigay ng tamang karapatan sa mga bata at marami pang iba.

Sa tulong ng 4Ps, tunay ngang nakakatawid na kami sa kahirapan. Unti-unti rin ay nararamdaman namin ang gaan ng buhay dahil nakakatulong na rin ang aming anak na panganay sa pagsuporta sa pinansyal na pangangailangan ng mga nakababata niyang kapatid na sa ngayo'y nag-aaral pa.

Masasabi ko na nakakalampas na kami sa mga pagsubok na dumating sa aming buhay at patuloy na makakalampas pa. Malayo na kami sa kalagayang nasilayan noon ng DSWD noong kami ay unang binisita ng programa. Kung noon ay nag-aagawan kami sa tuyo at walang makain, ngayon ay mayroon na kaming sapat na pagkain. Kung noon ay kahoy ang aming panggatong, ngayon ay mayroon na kaming rice cooker at gasul. Kung noon ay barung-barong ang aming bahay, ngayon ay konkreto at yero na.

Malaki ang pasasalamat namin sa Panginoon at nalampasan namin ang mga hamon ng buhay. Pinatatag din ng mga pagsubok ang aming buong sambahayan. Taos-puso rin ang pasasalamat namin sa 4Ps sa patuloy na pagtulong nila sa aming mga pangangailangan at pagbibigay sa amin ng kaalaman, pagpapalawak ng aming oportunidad, at pagbibigay sa amin ng pag-asa na matupad ang aming mga pangarap.

Iisa ang pangarap ng aming buong pamilya at tinitiyak namin na makakamit namin ito. Lalo pa kaming magsusumikap, magtitiyaga, at higit sa lahat, magtitiwala sa Panginoong Diyos tungo sa matagumpay na buhay. ###

Coron, Palawan

Mangalino Family

Isinulat ni Rowena Mangalino

Ako ay nagtatrabaho noon bilang isang *cashier* sa isang pamilihan ng sariwang isda sa Brgy. Tagumpay, Coron, Palawan. Sapat lang sa pagkain at pangunahing pangangailangan ang aking kinikita. Ngunit nahinto rin ito dahil sa aksidente kong pagkahulog sa isang balon na 15 metro ang lalim.

Dahil sa aksidente, naging alipin ako ng aming upuang tumba-tumba; hindi makatayo, makalakad at ni makakilos nang husto. Nawalan ako ng trabaho. Samantala, ang aking asawa ay umeekstra-ekstra lang sa *vulcanizing shop* na pag-aari ng aking biyenan.

Dalawang babae at dalawang lalaki na ang mga anak ko nang panahong iyon—sina Karmille Ann, Kent Aldwin, Kim Angela at Kenneth Rey.

Dahil sa kagustuhan kong makatulong sa aking asawa habang nakaupo at nagpapagaling, gumawa ako ng mga kuwintas na yari sa buto ng mga punong-kahoy at ibinenta ko ang mga ito sa *tourism office* kung saan ginagamit nilang pangsalubong sa mga bumibisita noon sa munisipyo ng bayan ng Coron. Gumawa na rin ako ng mga *shell souvenirs* o *shell crafts* na ginagawa kong kurtina at pabitin upang matustusan din ang pag-aaral ng aking mga anak at pangangailangan ng aming pamilya.

Noong gumaling ako, nagtrabaho ako sa isang *resort* bilang taga

-asikaso ng kanilang *business permit*, taga-asikaso at taga-bayad ng kanilang SSS, Pag-Ibig. Pumapasok ako ng tatlo hanggang apat na beses sa isang buwan at tumatanggap ng P3,000 na buwanang sahod.

Sa mga araw na bakante ako, patuloy ang paggawa ko ng mga *souvenirs*. Subalit kinalaunan, nahinto na rin ito dahil ipinagbawal na ang pangunguha ng *shells*.

Sa kabila noon, hindi pa rin ako tumigil na maghanap ng paraan upang kumita. May lumang makina ang aking biyenan na hiniram ko para makapagsimulang tumanggap ng mga *repair* ng mga damit. Nagmasahe o naghilot din ako sa mga matatandang babae, mga guro, at iba pang negosyante sa gabi isang beses sa isang lingo.

Makalipas ang ilang buwan, napasama kami bilang benepisyaryo ng 4Ps. Tuwang-tuwa kami sa sunud-sunod na pagpapala at grasya ng Diyos. Alam kong napakalaking tulong nito sa pag-aaral ng aking mga anak kaya't ipinangako kong ilalaan ko iyon sa kanila lamang.

Sa tulong ng programa, natutunan ko ang maraming bagay patungkol sa pag-aayos ng mga papeles. Marami rin akong na-attendan na mga pagsasanay at *seminar* na dinadaluhan namin bilang parte ng Family Development Sessions (FDS)

ng programa. Isinabuhay namin ang lahat ng aming natutunan at kasabay nito ay patuloy ang aming pagsisikap. Katunayan, kumuha pa ako ng iba pang part-time job na sa bahay ko lang gagawin sa mga libreng oras ko. Nangarap at nagsikap ako habang maayos at patuloy na nag-aaral ang aming mga anak gamit ang tulong-pinansyal mula sa 4Ps.

Unti-unti kaming nakabangon. Nakapagpagawa kami nang maayos na palikuran sa aming tahanan, nakapagtanim ng mga gulay sa bakuran, at natutong makilahok sa gawaing pangkomunidad gaya ng *cleaning program*, *coastal clean-up*, *tree planting*, at iba pa.

Wala kaming sinayang na pagkakataon at sinikap naming makaipon. Ngunit katambal na ng buhay ang mga pagsubok.

Marahil dahil sa stress at pagod, bumalik ang dati kong sakit na *leukemia*. Ngunit sa awa ng Diyos, ako ay naging *survivor*. Nagkaroon na ako ng *Nephrotic Syndrome* bilang side effect at kailangan ng *follow-up check-up* kada tatlong buwan.

Dito sa pagpapagamot ay napakalaki ng tulong na nakukuha namin sa 4Ps. Kapag sa Culion General Hospital kami nagpapagamot ay libre lahat at wala kaming binabayaran. Napakamahal ng *laboratory test fee*, ngunit dahil naging miyembro

kami ng Philhealth, halos wala kaming binabayaran sa pagpapa-*check-up* kaya naman regular akong nakakabalik sa ospital.

Sa kasalukuyan, ang panganay kong anak na si Karmille Ann ay nakapagtapos bilang isang guro sa Palawan State University (PSU) Coron at nakapasa agad sa *board exam* noong 2016. Nakapagturo sya sa Claudio Elementary School taong 2018. Si Kent Aldwin, ang pangalawa kong anak, ay kumuha ng kursong Civil Engineering, naging *Dean's Lister* at *scholar* sa PSU Puerto Princesa City ng Expanded Students Grants–in Aid Program for Poverty Alleviation (ESGP-PA) ng 4Ps at Commission on Higher Education (CHED). Habang si Kim Angela ay lumipat na din sa Palawan National School (PNS) sa Puerto Princesa upang mag-aral ng senior high school doon. Ang bunsong si Kenneth Rey ang naiwan dito sa amin at ngayon ay nag-aaral sa Coron School of Fisheries. Ako naman ay gumaling muli sa awa at grasya ng Diyos. Nanalo naman ang aking asawa bilang barangay kagawad ng Barangay Poblacion 2.

Patuloy ang maganda kong trabaho at nagpaplano na kami ngayon na mag-boluntaryo nang umalis o tuluyang mag-*"exit"* bilang benepisyaryo ng 4Ps dahil alam kong may mas higit na nangangailangan kaysa sa amin.

Buo kong inilaan ang naitulong ng programa sa pag-aaral ng mga anak ko—walang labis, walang kulang. At masaya ako na isa kami sa natulungan ng programang ito. ###

Tubungan, Iloilo

Padohinog Family

Isinulat ni Jerry Padohinog

I am Jerry Padohinog, a native of San Joaquin, Iloilo. I met my wife in a secluded place in Sibalom, Antique in 1993 while we were serving the New People's Army (NPA). In our younger years, both of us lived a life full of struggles, pain, and hardships which led us to join the rebel movement.

After years of knowing each other, we fell in love. We kept our relationship hidden and later on both decided to covertly go out of the group to start our own family. We were only 21 and 18, respectively back then. We decided to live in the mountainous area of Anini-y, Antique and hide our identities by using different names.

Hiding like a criminal is never easy. Almost every day, I fear for our lives. We struggled a lot and we had no regular source of income. We simply relied on available root crops in the area. When my wife gave birth to our first child, I could not even bring her to a health clinic since I was so afraid of being apprehended by the red troops or the military.

A year had passed since we left the troop and my wife decided to go back to her parents in San Remegio, Antique, while I stayed in Anini-y to keep myself hidden. But a few months after, I followed my family in Antique despite being afraid of what's waiting for me. Luckily, I am an unfamiliar face in the area.

It was difficult raising a family since we have no land to farm or livestock to take care of. I offered to help some farmers in exchange of rice and other foods. However, frustrated with the situation, I returned as a member of the rebel group to continue fighting against the government.

On the other hand, my wife opted to remain her distance from the group. She continued to stay in Aningalan to take care our children. At that time, we already had three children, having twins on her second delivery. I would leave them at night and would be out for a week or two. My wife was always worried about me as she feared that I might get killed during an encounter with the military.

One of the most tragic events of our life happened in 1998 when one of the twins, Anamarie, died. My wife recalled the difficulty to access health services when our child got sick. She could not even afford to pay transportation fee from our barangay down to the town proper. She had nervous breakdowns because of this but could not also afford to buy a medicine for herself since we do not have enough money.

When everything seemed to be falling apart, my neighbor informed me of the on-going enumeration being done by the Department of Social Welfare and Development (DSWD) and they went in our house to conduct the interview.

In the later part of 2008, my wife and I both agreed to start a brand new life so we surrendered to the authorities in Antique. After a year, we were allowed to transfer in Tubungan, Iloilo where we were given a private lot to build our new nipa hut. My children transferred to another school in the municipality, while I was then given the chance to work as hired laborer at the Engineering Department of our local government unit (LGU).

It was in 2011 when we became a member of the Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). This greatly helped us in sending our children to school since it provided financial assistance for the educational needs of our children. Through the program, my whole family was able to access free health services.

As the grantee, I have attended various Family Development Sessions (FDS). The topics have enriched our parental capacity and even improved our outlook in life. In one session of the FDS, while listening to the Municipal Link, I silently got teary-eyed and emotional, because it has imparted remarkable awareness for me as a father, a husband, and a citizen of this country. It gave me hope that despite my past, there is a great chance of providing a good life and future for my children. It was comforting to know that I made the best choice of my life—leaving the rebel group.

My children have strong perseverance to finish their studies. They find means on their own to also sustain their school needs. With all the ridicules and discriminations, these motivated them to push further and never give up.



In order to graduate, my daughter, Annabel worked part time to clean houses and wash clothes. Anabel has finally obtained her bachelor's degree in Industrial Technology in 2017 and is now working as a domestic helper in Kuwait. On the other hand, my son, Justin, was employed through Government Internship Program of the Department of Labor and Employment (DOLE) in the same year. After months of working in the Assessors Office of the LGU, he was absorbed and employed in a Job Order position. He eventually ended his contract to continue his studies and he is now on his 3rd year in college. Meanwhile, our 4th child, Sheila, is also on her 3rd year in college, while Alliana, the 5th child, is on her 2nd year. My eldest son, Jever is now working as a utility worker at St. Therese Maritime College in Tigbauan, Iloilo, while the youngest, Jerry, is in senior high school and the remaining monitored child of 4Ps.

With the learnings imparted by the program through the FDS, we have created a backyard garden at home. The fruits and vegetables we harvest supply our daily food needs so we no longer need to buy in the market.

All these achievements could not have been possible without the assistance of the government. The program served as a gateway for us to access more government programs and services which helped widen our opportunities. Grateful to all the asistance provided to us, our family will continue working hard to fulfill our dreams so that we can also inspire other beneficiaries. ###

Governor Generoso, Davao Oriental

Baco Family

Isinulat ni Norma Baco

Ako si Norma Baco—isang simpleng mamamayan sa bayan ng Governor Generoso, Davao Oriental. Ang buhay namin noong wala pa ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ay talagang napakahirap. Naranasan naming hindi kumain nang tatlong beses sa isang araw lalo pa't tanging sa pangingisda lamang ng aking asawang si Felix Baco kami umaasa para sa aming pang-araw-araw na gastusin. May mga panahong walang kita dahil walang huli, masama ang panahon, o kaya ay may sakit ang aking asawa dahil sa pagod kaya't hindi makalaot. Dahil dito, hindi namin naibibigay ang lahat ng mga pangangailan ng aming pamilya lalung-lalo na ang pangangailangan ng aming mga anak sa kanilang pag-aaral.

Hindi nila naranasang sumakay ng *tricycle* papuntang paaralan dahil kapos kami noon. Tinitiis ng aking mga anak na maglakad para lamang makapasok sa paaralan.

Gayunpaman, kahit sobrang hirap ng aming pamilya, patuloy namin silang pinag-aral. Nagsikap kami ng aking asawa at nanalig sa Poong Maykapal at hindi ako sumukong humingi ng tulong sa Kanya sapagkat alam kong nandiyan lang Siya at gumagabay sa aming pamilya.

Illang taon ang lumipas, sinagot ng Panginoon ang aking dasal. Kami ay naging benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Nang malaman namin iyon, lubos ang aking galak at tuwa dahil alam ko na malaki ang maitutulong nito sa aking

pamilya. At hindi nga ako nagkamali dahil lubos ang naitulong ng programa sa pag-aaral ng aking mga anak. Nakakakain na kami ng tatlong beses sa isang araw—may bonus pang masarap na ulam. At naranasan na rin nilang hindi maglakad patungong paaralan dahil pinapasakay na namin sila ng *tricycle* at isa itong napalaking tulong dahil hindi na kami mangangamba sa kanila anuman ang mangyari sa kanila sa daan.

Dahil sa programang ito, dalawa sa aking mga anak ay nakapagtapos ng kolehiyo. Nakasama kami sa mga naging prayoridad ng gobyerno na mabigyan ng *scholarship* dahil kami ay benepisyaryo ng programa. Isa ang aking panganay na si Norie Fe Baco rito. Siya ay naging *scholar* ng Tertiary Education Subsidy (TES) ng Commission on Higher Education (CHED) at ngayon siya ay isa nang guro sa Nangan National High School. Ang aking pangalawang anak naman na si Felix Baco, Jr. ay nakapagtapos ng Agriculture dahil na rin sa tulong ng pagiging *scholar* niya sa Expanded Students' Grant-in-Aid Program for Poverty Alleviation (ESGP-PA) sa ilalim ng 4Ps at Comission on Higher Education (CHED).

Sa ngayon ang aking anak na si Felix ay nagre-*review* para sa kanyang *board exam*. Ang pangatlo kong anak na si Jerald Felix ay nasa 3rd year college na. Siya ay isa ring *scholar* ng TES ng CHED at kinuha ang kursong BS in Environmental Science. Sa ngayon, natutupad namin ang aming obligasyon para sa aming anak na makapag-aral at palawakin ang bukas nila kasama ang mga gabay ng Panginoon at sa tulong na rin ng programa.

Ang 4Ps ay humubog at nagpatatag sa akin bilang ina at magulang dahil hindi lang *financial assistance* ng aming pamilya ang ibinibigay nito. Hinuhubog din nito ang aming responsibilidad bilang tao, babae at magulang dahil tinuturuan kami ng ibat-ibang aralin patungkol sa kaayusan ng aming pamilya. Kasama na rito ang pagkakaroon ng taniman sa bakuran at sa komunidad na naging isa sa aking mga prayoridad ngayong pandemya. Hindi naging hadlang na kami ay nakatira malapit sa dagat dahil kami ay gumawa ng paraan para kami ay magkaroon ng *backyard garden*. Dito namin kinukuha minsan ang pang-ulam namin kaya't hindi na kailangan gumastos para bumili.

Dahil na rin sa programang ito, nakasama ako bilang *participant* ng Sustainable Livelihood Program (SLP) na may proyektong mabigyan ang nasa laylayan ng Seed Capital Fund (SCF) o puhunan upang bumuo ng pangkabuhayang asosasyon. Hinirang ako bilang presidente ng aming asosasyon at ngayon ay isa na kami sa may pinakamalaking kinikita dito sa Governor Generoso. Sabi nga ng mga 4Ps Municipal Link namin, dahil sa magandang gabay at malinis na layunin ko ay naging *sustainable* ang aming kabuhayang *general merchandising*. Lubos itong ipinapasalamat ng aking mga miyembro dahil lubos itong nakatulong sa amin lalung-lalo na sa panahon ng pandemya. Tunay na nakatulong ang programang ito sa aking sariling pag-unlad.

Isa rin sa mga mahalagang natutunan ko sa programa ay ang pagtulong sa kapwa lalo na ngayong panahon ng krisis. Lagi ko ngang sinasabi sa aming pamilya na hindi masamang magbigay nang kaunti basta't kami ay nakakatulong.

Lubos kaming nagpapasalamat sa tulong ng programa dahil naging matagumpay ang aming mga anak at patuloy na nakapag-aral. Maraming oportunidad ang binubuksan nito hindi lamang sa amin kundi pati na rin sa ibang mahihirap na pamilya upang makamit ang matiwasay na buhay. ###

Pasay City, Metro Manila

Ballebas Family

Isinulat ni Dominador Q. Ballebas Jr.

Sa panahon ng pandemya na nararanasan ngayon, marami ang nagugutom, namamatay, at naghihikahos sa buhay. Marami rin na kalungkutan ang nararamdaman sa pagkawalay sa pamilya at unti-unting nawawalan ng pag-asa sa buhay. Dahil dito, unti-unti ring bumabalik sa aking alaala ang mga pagsubok na pinagdaanan ng aking pamilya.

Maliit pa ang aking mga anak noon at nagtatrabaho ako bilang *janitor* sa isang kumpanya. Ang aking kinikita ay hindi sapat sa aming pang-araw-araw na gastusin. May mga pagkakataon na hinahayaan ko na lang kumain ang aking mga anak kahit ako ay hindi na kumain. Makita ko lang na busog na sila ay masaya na ako, pero sa aking kaloob-looban ay napakasakit na hindi ko maibigay ang pangangailangan nila. Bilang magulang, ginagawa ko ang lahat para sa kanilang kinabukasan. Sa gabi ay nagtitinda ako at sa umaga naman ay pumapasok sa trabaho para mabigyan sila ng magandang kinabukasan. Talagang mabait ang Maykapal dahil taong 2008 ay naging miyembro ang aming pamilya sa programa ng DSWD na Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Marami kaming natutunan dito mula sa mga Family Development Sessions (FDS) na dinaluhan namin sa ilalim ng programa. Laging ibinabahagi sa amin ng aking asawa ang kaniyang mga natututunan dito gaya ng kahalagahan ng pagmamahalan at pag-aaruga sa

sa isa't-isa upang mapagtibay ang aming pamilya. Bukod pa rito, nakakatulong ang tulong-pinansyal mula sa programa upang matustusan ang pangangailang ng aking mga anak sa eskwelahan.

Isa ang aking asawa sa nakasama sa mga *trainings* at *seminars* sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program (SLP) ng DSWD dahil prayoridad ang mga benepisyaryo ng 4Ps sa pagsali at pagdalo sa mga ito. Nakapag-*training* siya ng *Bookkeeping*, *Bread and Pastries Making*, at *Massage Therapy* na tunay na nakatulong upang paunlarin ang kanyang kapasidad at kaalaman. Dahil dito, mas lumawak ang aming oportunidad at kakayahang makapaghanapbuhay. Naalala ko noon, sa bangketa lang kami nagtitinda karay-karay ang isang malaking bilao na ginagamit sa pagtitinda ng kakanin. Ngayon ay unti-unti na namin itong napalago at may sariling pwesto na kami sa *night market* at malaking lamesa na rin ang aming ginagamit.

Taong 2018, umapaw ang aming kaligayahan nang makapagtapos sa kolehiyo ang aking panganay na anak sa Technological University of the Philippines (TUP) sa kursong Bachelor of Science in Computer Science. Kami ay nagalak din sapagkat naging inspirasyon din siya ng kaniyang mga kapatid. Samantala, ang aking anak na si Krish Sharmaine Ballebas naman ay naging *scholar* ng Expanded Students Grants-in-Aid Program for Poverty Alleviation (ESGP-PA) Program ng 4Ps at Commision on Higher Education (CHED). Nakatulong ito nang malaki sa kaniyang pag-aaral sa kolehiyo. Sa kaniyang pagsisikap, siya ay nakapagtapos bilang *cum laude* sa University of the Philippines-Manila (UPM) at ganap na rin siyang lisensyadong *Chemist* ngayon. Taas-noo niyang ipinagmamalaki na isa siyang 4Ps member.

Sa aking pananaw ang susi ng tagumpay ay ang pamilyang nagmamahalan at ang pamilyang nananalig sa Poong Maykapal. Tuloy lang ang laban namin basta't sama-sama. Walang bibitaw at patuloy na magsisikap tungo sa magandang kinabukasan. ###

4Ps Katuwang
ng bawat pamilya

Prayoridad ng 4Ps ang makapagbigay-serbisyo sa mga maliliit at napagkakaitang sektor ng lipunan kabilang na ang mga pamilyang mayroong solo parent at ang kinikita ay mababa sa poverty threshold. Ayon sa datos ng 4Ps noong Disyembre 2020, mayroong **270,144 na solo parent families** sa programa o 6.2% ng kabuuang bilang ng mga benepisyaryo ng 4Ps.

Sinusuportahan ng programa ang mga ama o ina na mag-isang itinataguyod ang kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng gabay at tulong-pinansyal sa mga ito lalo na para sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

Iba't ibang istorya ng tagumpay ng mga solo parent families ang ibabahagi sa mga susunod na pahina. Patunay ang mga salaysay na ito na ang 4Ps ay katuwang ng bawat pamilya sa pagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa kanila tungo sa mas magandang pamumuhay.

Baler, Aurora

Amores Family

Isinulat ni Allen Amores

Abot hanggang langit ang aking saya nang marating ko ang rurok ng tagumpay para sa aking mga anak. Walang mapagsidlan ng tuwa ang aking nadama habang kami ay umaakyat sa harap ng maraming tao, sa isang malawak na entablado, suot and itim na toga, simbolo ng pagtatapos ng aking mga anak sa kolehiyo.

Sariwa pa sa aking mga alaala ang lahat ng hirap na pinagdaanan naming mag-iina, simula nang mawala ang kanilang ama. Naging masalimuot man ang buhay, nagsilbi itong pundasyon sa pagtupad ng pangarap ng aking mga anak.

Sa murang edad na labing anim (16), ako ay nag-asawa dahil na rin sa sa hirap ng buhay. Kagaya ng iba, namulat sa hirap ng buhay at tanging pag-aasawa lang ang naisip kong sagot sa pagtakas sa ganitong buhay. Akala ko ito ang solusyon sa kahirapan subalit habang nagkakaedad, naunawaan ko na hindi pala dapat.

Hindi man naging marangya ang buhay naming mag-asawa, masasabi kong kami ay masaya. Wala man kaming pormal na pagsasanay sa buhay may-asawa at pagiging magulang, naniniwala kaming mag-asawa na ang pagmamahal ang laging nagpapatatag sa isang pamilya. Sabi nga nila "f*amily is love*". Simple lang ang buhay namin, ang asawa ko ay drayber sa pribadong kumpanya at ako naman

ay maybahay na nag-aalaga ng aming mga anak.

Taong 2007, kasabay ng pagsilang ko sa aking bunsong anak, nadiskubre din namin na may liver cancer ang aking asawa. Napakabigat ng pagsubok na ito. Pito ang aming anak at ang taong kumikita para sa pamilya ay halos hindi na makapaghanap-buhay. Napakabata pa ng aking mga anak noon. At noong labing anim na taong gulang lamang ang aking panganay, pumanaw ang aking asawa at tila gumuho rin ang aking mundo.

Hindi ko alam kong paano ako babangon. Kung saan ang dating may maayos na pamumuhay ay tila naging isang ibon na nawalan ng pugad, ang dating maayos na paglipad ay bumaliko at walang direksyon na tinatanaw. Subalit, kailangan kong bumangon.

Mula sa Marikina, pinili naming umuwi ng Baler, Aurora upang makapagsimulang muli. Dahil wala kami sariling lupa, kami ay nakiusap na makapagtayo ng aming bahay sa isang bakanteng lupa.

Nagtanim kami ng kamote para mabuhay. Isinasama namin ito sa NFA rice para kahit papaano ay may pangdagdag sa aming pagkain. Kung minsan nama'y kinakayod o ginagadgad upang gawing kakanin (pinilag) at ititinda. Tulung-tulong kaming mag-iina. Sa murang edad ay naging responsable na ang aking mga anak. Natuto sila sa mga gawaing bahay, may pagkukusa, at tumutulong. Minsan ang aking mga anak ay nangangalakal sa basurahan, at nag-iipon ng bakal at bote upang kami ay magkapera. Ako naman ay naghahanap kung saan-saan kung may magpapalaba o magpapalinis. Minsan, pumupunta kami ng aking mga anak na lalaki sa dagat upang mang-ilaw o manghuli ng isda na pwedeng pang-ulam at minsan kapag may sobra ay aming ibebenta upang maipambili ng bigas. Kung saan-saan din kami humanap ng pagkakakitaan at makakain basta marangal. Doon umikot ang aming buhay.

Pasalamat ako at malapit lamang ang paaralang elementarya sa aming tirahan kaya't hindi ganun kalaki ang aming gastos sa pag-aaral ng aking mga anak sa elementarya dahil hindi na nila kailangang mamasahe pa.

Ngunit, dahil na nga sa hirap ng buhay, hindi nakapagpatuloy ng high school ang dalawa kong anak na sina John Edward at Daniel. Ganun din si Edelyn at Adrian nang tumuntong na sila ng high school. Masakit para sa magulang na makita mo ang mga anak na nakatingin sa ibang bata na naka-uniporme ng pang-sekondarya na tila nangungusap na sana sila rin ay makapag-aral.

Taong 2010, tinupad ng Diyos ang aming panalangin. Naging instrumento si Ma'am Abie, dating principal sa elementarya ng aking mga anak, upang makapag-aral sina Daniel, Edelyn, at Adrian. Si John Edward ay hindi na nakapagpatuloy

sa pag-aaral sapagkat siya ay nag-asawa na. Sa ilalim ng Alternative Learning System o ALS, nakapagtapos ng sekondarya ang tatlo noong taong 2011.

Muli kami nangarap na makatuntong sila sa kolehiyo. Taong 2012, nakakuha ng scholarship si Daniel dahil sa paglilingkod sa simbahan. Naging guro siya ng katitismo. Nagtitiyaga ang aking mga anak na maglakad patungo at pabalik, sa aming tinitiraahan hanggang sa kanilang paaralan.

Noong taong ding iyon, napasama kami sa Pantawid Pamilya Pilipino Program o 4Ps. Naging daan ito upang makapagpatuloy sa sekondarya ang tatlo ko pang anak na sina Vanessa Mae, Kayla at Angela. Nagamit namin ang perang aming natanggap bilang pambaon sa paaralan, pambili ng gamit, *project* at iba pa. Malaking tulong din ang kasiguraduhang may pang-bigas kaming buong pamilya. Hindi na ako kinakabahan at nag-aalinlangan kung may isasaing ba kami ngayong araw.

Taong 2014, nag-*enroll* sa college si Edelyn. Pumasok siyang s*tudent assistant* upang may dagdag pantustos sa kanyang pag-aaral. Taong 2015, nakuha si Edrian bilang *scholar* ng DSWD sa ilalim ng Expanded Students' Grants-in-Aid Program for Poverty Alleviation (ESGP-PA). Dahil *full scholar* sya, hindi ko na rin inaalala ang pambayad ng *tuition*, pang-*project* at kahit *allowance*.

Ang kaniyang *allowance* mula sa scholarship ay pinaghahatian nila ni Edelyn upang pareho sila makapagpatuloy sa pag-aaral. Habang sila ay nag-aaral, ako naman ay nanatili sa aking pinapasukan bilang taga-linis. Tumaas na rin ang aking suweldo na nagsimula sa P500 hanggang sa naging P3,500. Sabi ko nga, kailangan lang talaga magtiyaga.

Sa kasalukuyan, dalawa pa sa aking mga anak ay nasa kolehiyo, samantalang ang bunso na si Angela ay Grade 12 na sa taong ito. Si Edelyn ay nagtatrabaho bilang Junior

Microfinance, si Daniel ay *secretary* sa DALUHAY NGO, at *salesman* naman sa mall si Edrian.

Nang magsimula ang programa, natuto rin akong maging isang *leader*. Mahirap maging isang *leader*, pero kagaya din sa pamilya ang magulang dapat ay isang mahusay na *leader*. Ang aking pakikisalamuha sa kapwa ay lalong nahubog din sa ilalim ng programa. Kaya ko nang humarap sa maraming tao at makipag-usap sa mga may katungkulan. Malaya ko na din nasasabi ang aking saloobin. Nasubukan ko din magpadaloy ng isang *session* ng Family Development Session (FDS).

Sa patuloy na pagdalo sa FDS, natutunan ko ang pangangalaga ng kalikasan. Kung kaya't noong taong 2018, kasama ang ilang grupo mula sa aming barangay, nagsimula kaming mamulot ng mga basura sa tabing-dagat at ilog upang mapanatili itong malinis.

Ang mga maaaring ibenta ay aming ibinenta at inipon bilang isang pondo. Mula sa aming naipon, kami ay nakapagbigay-tulong sa Mariano L. Sindac Integrated School noong Nutrition Month at nakapagbigay ng pagkain sa mga mag-aaral. Nakapagbigay din kami ng *food pack* na nagkakahalagang mahigit limang-daang piso sa limang mahihirap na *senior citizen* bilang Pamaskong handog mula sa Pantawid beneficiary ng Zabali.

Naging tulay ang programa upang kaming mga nasa laylayan ng lipunan ay higit na mabigyang-pansin ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan. Noong taong 2019, dahil sa kawalan namin ng sariling lupa na mapagtitirikan ng bahay, kami ay naging benepisyaryo ng libreng pabahay mula sa National Housing Authority (NHA) at sa tulong na din ng pamahalaang lokal ng Baler. Sa ngayon ako ang presidente ng Ilaya Core House Association.

Kaakibat ng buhay ang pagsubok, problema, pagkadapa at hindi masasayang pangyayari. Subalit hindi doon natatapos ang ating buhay. May Diyos tayong masasandalan, sabayan ng pagsusumikap, pagtutulungan ng pamilya, at pagmamahalan. Ang buhay ay isang mahabang paglalakbay. Ang aking baon ay pag-asa at pananalig sa Diyos. ###

Galimuyod, Ilocos Sur

Rafael Family

Isinulat ni Freda Rafael

"Mahirap maging mahirap" – katagang hanggang sa ngayon ay akin pa ding napapakinggan. Ngunit mahirap nga ba ang maging mahirap? Sa aking pananaw ay hindi. Dahil mas mahirap kapag sa buong buhay mo, wala kang gagawin at mananatili sa buhay na iyong nakagisnan. Ako si Freda Daligdig Rafael at ito ang kwento ng aming pamilya bilang isang miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Isa akong solo parent. Hindi ko kailanma'y ninais na maging isang solo parent. Ngunit alam ko na sa kamay ng ating Ama ay payapa na ang aking napangasawa. Sa aming pagsasama, nabiyayaan kami ng tatlong anak, dalawang lalake at isang babae. Si Mark Aldrin D. Rafael ang panganay, labing-pitong taong gulang. Ang nag-iisang prinsesa at pangalawa sa kanila ay si Mariah Anne D. Rafael, labing-limang taong gulang. Ang pangatlo at bunso ay si Jeremy Alfred D. Rafael, labing-isang taong gulang.

Taong 2011 noong kami'y napabilang sa 4Ps. Lahat ng aking anak ay nag-aaral at minomonitor ng programa. Ngunit, hindi naging madali ang pamumuhay namin noon bago pa man kami naging parte ng programang ito.

Mahirap kapag wala kang inaasahan at mapagkukuhanan ng pantustos sa pangangailangan ng pamilya. Hindi naging sapat ang kaunting kita ng

aking asawa sa pamamasada ng tricycle. Gayunpaman, determinado ang aking mga anak na makapagtapos kahit alam nila na hindi sapat ang kinikita ng kanilang ama.

Magmula noong naging parte kami ng programa, hindi namin inakala na maraming oportunidad ang magbubukas sa amin. Isa na rin dito ang Sustainable Livelihood Program (SLP) ng DSWD na nagbigay sa mga benepisyaryo ng 4Ps ng oportunidad para sa mga gustong maging *security guard* noong taong 2016. Hindi nagdalawang-isip ang aking asawa at tinanggap ang pagkakataong ito. Nakapasok siya bilang isang *roving security guard* sa Pagudpud, Ilocos Norte simula taong 2017 hanggang 2019. Kahit na mahirap na mapalayo siya sa amin ay kinaya namin dahil alam naming mag-iina na para sa amin din iyon.

Parte rin ng programa ang pagdalo sa Family Development Session o FDS at Youth Development Session o YDS na dinadaluhan namin buwan-buwan. Napakahalaga nito dahil sa mga aral na aming natututunan na nakatutulong sa aming pamumuhay. Marami ring aktibidad sa aming komunidad ang amin nang nasalihan sa tulong ng programa tulad na lamang ng *tree planting activities*, brigada eskwela, operasyon-taob, at marami pang iba. Hindi kami tumutulong dahil parte lamang ng pagiging miyembro namin ng 4Ps bagkus, kagustuhan naming tumulong upang kahit na sa kaunting paraan ay magkaroon din kami ng parte para sa ikauunlad ng aming komunidad.

Sa likod ng mga oportunidad na ito, mga magagandang balita, at biyayang dumarating sa amin bilang miyembro ng 4Ps, hindi namin lubos akalain na magkakaroon kami ng napakabigat at napakasakit na suliranin. Taong 2019 para kaming

binagsakan ng langit sa hindi namin inaasahang pagpanaw ng haligi ng aming tahanan. Naaksidente ang aking asawa patungo sa kanyang trabaho at mahirap ito para sa amin dahil sya ay nasa malayong lugar nang nangyari ito. Naranasan namin ang labis na lungkot at sakit ng kanyang biglaang pagkawala.

Mahirap ang maging isang *solo parent*. Naitaguyod ko noon ang aking mga anak mula sa insentibong aking natatanggap bilang Barangay Nutrition Scholar (BNS) sa aming barangay at mula na rin sa Ilocos Sur Citizen Involvement Services (ISCIS) na proyekto ng aming butihing gobernador. Nagtrabaho ako doon bilang *letter sender* o taga-hatid sulat galing sa kapitolyo.

Nagsimula rin kaming mag-*online selling* ng aking mga anak. Sa panahon ngayon, kumikita naman kami kahit kaunti dahil sa maraming nag-*oorder* ng *facemask* at *face shield*. Samantala, nag-ekstra naman ang aking panganay sa *refilling station* dito sa aming barangay bilang tagalinis ng mga bote ng plastik.

Marami mang pagsubok ang dumating, hindi kami sumuko bagkus nagpatuloy sa buhay. Sa gitna ng aming pinagdaanan, maraming kamay ang nag-abot ng tulong sa amin upang kami ay bigyan hindi lamang ng tulong-pinansyal kundi pati na rin ng pag-asa, katatagan at lakas ng loob. Sa pamamagitan ng Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) ng DSWD, nakatanggap kami ng *burial benefit* para sa yumao kong asawa. Alam kong nandiyan ang Panginoon, na kailanma'y hinding-hindi kami pababayaan dahil higit sino man, Siya at Siya lamang ang aming sandigan.

Sa bawat araw na dumaan, unti-unti na kaming bumabangon katuwang ang programa. Sinusubukan naming kumita ng pera kahit sa simpleng paraan upang may mapagkukuhanan kami ng pantustos sa aming pangangailangan. Tulung-tulong din kami sa lahat ng mga gawain at at hawak-kamay na sinusuong ang lahat para makaangat.

Tuwa na may halong lungkot ang aking naramdaman ngayon dahil sabay-sabay sanang magmamartsa sa entablado ang aking mga anak ngunit dahil sa pandemyang ating kinakaharap ay naudlot.

Sa kabila ng lahat ng pagsubok sa amin, sa kahirapan man ng buhay, ipagpapatuloy namin ang aming pag-abot sa aming mga pangarap. Kasama ang Panginoong Hesus at ang paggabay ng aking butihing asawa, aabutin namin ito unti-unti at mapagtatagumpayan.

Ang pagsusumikap at paglaban sa buhay ang iaalay ng aking mga anak para sa kanilang pinakamamahal na ama. Sa kasalukuyan, masasabi kong malaki na ang pinagbago ng aming buhay dulot ng 4Ps. Hindi na kami nangangamba sa aming gagastusin sa araw-araw. Mayroon ding mga oportunidad na patuloy na dumarating sa aking mga anak upang maibahagi ang kanilang galing at talino sa tulong ng programa. ###

Motiong, Samar

Gabane Family

Isinulat ni Gilda Gabane

Hindi naman kami mga "kawawang *cowboy"*, ngunit madalas ang aming bulsa'y walang pera. Bagama't mayroon kaming iilang niyugan sa bukid, karamihan naman dito'y animong isinumpa't singlaki lamang ng kamao ang bunga. Mura ang bentahan, at sadyang nagagapi pa kami dahil sa gastos rin ng pagpapatrabaho nito.

Ang benta rito'y nakatadhana na sa pambili ng bigas at pangbayad ng utang. Bukod pa rito, apat hangang anim na buwan ang hihintayin bago makoprahang muli ang niyugan. Sa panahong ito, kailangang maghanap muna ng ibang ikabubuhay.

Tuwing may pasok, ako'y nagtitinda ng mga *snacks* o merienda gaya ng puto, kutsinta at *pancake* sa kantina ng paaralan. Kailangang una pa akong magising kaysa sa mga manok na tumitilaok tuwing mag-uumaga upang makapagluto na. Ang dalawa sa aking mga anak ay gumigising din ng maaga upang tumulong sa pagbabalot nito.

May mga araw na mapagpala't ubos ang tinda. Makakabili ako ng ulam at ilang mga pang-araw-araw na pangangailangan. May araw ding dehado't 'di ubos ang paninda. Minsan ay 'di pa sapat ang nabenta upang magkapuhunang muli. Sa mga ganitong pagkakataon ay pilit naming pagkakasyahin ang isang kilong bigas para sa buong araw. Ang pang-ulam ay nakasalalay na lang sa kung ilang barya ang matitira.

Ang aking asawa nama'y madalas nasa bukid upang magtanim ng mga kamoteng kahoy o gabi at ilang mga gulay. Minsa'y nakakabenta rin sya ng kaunting tuba. Ngunit, halos wala ritong kita at tanging pantawid-gutom lang ang kanyang naaning gulay at kamoteng kahoy. Dati'y naghabal-habal siya ngunit tumigil din 'pagkat panakaw-nakaw lamang ang kanyang pagpasada dahil sa kawalan ng *permit* at wala rin namang pera pangkuha nito.

Nasusuklian naman ang aming pagod 'pagkat nakikita kong nag-aaral nang mabuti ang aking mga anak. Sa mga mahihirap na leksyon ay matiyagang tinuturuan ng mga nakatatanda ang kanilang mga nakababatang kapatid. Nagtutulungan din sila upang agarang matapos ang mga gawaing bahay.

Di naglaon kami'y na-*survey* at nakasali sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Batid kong napalaki nitong tulong kung kaya't labis ang aking galak.

Wala nang nagkakasakit pa 'pagkat sapat at masustansya na ang pagkain at may pang-bitamina pa. Bukod sa bigas at ulam, nakakabili rin kami ng sabon, *shampoo*, sangkap sa kusina at ilan pang mga mumunting bagay na karaniwang sinasadya sa *sari-sari store*. Hindi na kailangang bumili ng tingi-tingi, na kung minsan pa nga'y nauuwi pa sa "nganga" na lamang kung walang naipit na baryang pambili.

Maningning ang mga mata't may giliw na bubuksan ng aking mga anak ang sisidlang dala ko, pagkat batid nilang mayroong pasalubong para sa kanila. Minsa'y gamit sa paaralan, bagong T-shirt, sapatos o tsinelas-depende kung ano ang pangangailangan. May itinatabi rin ako para sa mga bayarin sa eskwela, *homeroom project*, *miscellaneous fee*, at para sa proyekto nila sa ibat-ibang asignatura. 'Di maipagkakailang may sapat nang pangsustento para sa kanilang pag-aaral.

Higit sa tulong pinansyal, ang 4Ps ay larawan ng pagmamahal at kalinga ng gobyerno sa mga katulad naming kapos-palad. Patunay na kami may maituturing na nasa laylayan ay hindi pa rin kami nalimutan. Higit sa lahat, ang programang ito ay parang kamay ng Diyos na umaakay at tumutulong sa mga naghihikahos upang makaahon at mapagtagumpayan ang buhay. May higit pang pakahulugan ang programang ito liban sa ayuda't *cash card*.

Ngunit, sa taong 2015, sa 'di inaasahang pagkakataon ay nasawi ang aking asawa. Lubos ang pagdadalamhati ng aming pamilya. Hindi namin sukat akalain na sa bala ng baril matutuldukan ang buhay ng aming masipag at mapagmahal na haligi ng tahanan. Masaklap pa't damay lamang sya o *civilian casualty* sa engkwentro ng mga rebelde't sundalo. Nang mga panahong iyon ay mayroon akong dalawang kolehiyo at nag bubuntis pa sa aming bunso.

Upang malagpasan ko ang hamon na ito, mas lalo pa akong nagsumikap at nagsipag. Patuloy pa rin ang aking pagtitinda sa kantina ng paaralan. Ang perang nakukuha ko naman sa 4Ps ay akin pang tinipid ng doble ng sa gayo'y umabot ito ng maraming araw. Hinikayat ko rin ang aking mga anak na maging masinop sa lahat ng bagay.

Katuwang ang tulong ng 4Ps, iginapang ko ang pag-aaral na aking mga anak. Dulot na rin ng kanilang pagsisipag sa pag-aaral ay kapwa sila nakatanggap ng *scholarship*. Ang aking panganay ay *scholar* ng aming lokal na pamahalaan. 'Pagkat sadyang marami pang bayarin sa pagkokolehiyo, naisipan din niyang mag-*working student*. Lubos ang aming suporta sa kanya 'pagkat alam naming sya'y pursigidong makapagtapos. Ang aking pangalawa nama'y *scholar* ng DOST.

Matapos ang apat na taong pakikipagbuno sa kolehiyo ay sa wakas, natanggap din nila ang minimithing diploma. Ako'y may tahimik na pagtangis, hindi dulot ng lungkot ngunit dala ng galak sa tagumpay na kanilang nakamtan.

Kasalukuyang nagtatrabaho ang aking panganay sa Cebu bilang isang ESL English Teacher. Ang trabahong ito'y naayon rin naman sa kursong kanyang tinapos na BS Education major in English. Ang aking pangalawa nama'y kakapasa pa lamang ng *board exams*. Mayroon din akong dalawang lalaki na pawang nasa high school na. Ang bunso ko nama'y nais kong papasukin na sa day care ngayong pasukan. May miminsanang pagkakataon na kami'y kinakapos ngunit masasabi kong mas maunlad na ang aming pamumuhay kaysa noon.

Makitid at mabalakid ang daang aking tinungo't tutunguhin pa, ngunit sa dakong dulo'y naaaninag ko na ang isang maginhawang buhay. Marami pa akong pangarap para sa aking pamilya gaya ng mapagtapos ang iba ko pang mga anak, mapaayos ang aming bahay, at makapagtayo ng isang maliit na negosyo. Kapit-bisig namin itong aabutin. Hindi ako magpapatinag sa kahit ano mang hamon ng buhay. ###

Remedios T. Romualdez, Agusan del Norte

Rodas Family

Isinulat ni Margie Rodas

Pagkagutom. Pagkakasakit. Pangangamba. Ang mga katagang ito ang walang patid na nagbibigay-pasakit sa aking puso at buong pagkatao dulot ng kahirapan. Kahirapan na naglulugmok sa aking pamilya sa miserableng pamumuhay at ang kaginhawaan ay tila bituin na lamang na aming nasisilayan, ngunit kailanma'y hindi mahahawakan.

Labing-pitong taong gulang pa lamang ako nang ako'y magkaanak at mag-asawa. Dahil dito, sekondarya lamang ang natapos ko. Upang kumita ay nagluto ako ng saging at kamote upang ibenta sa mga bata sa eskwelahan. Ang aking asawa naman ay isang drayber ng bus.

Kami'y nakakaraos naman sa pang-araw-araw noong iisa pa lamang ang aming anak. Subalit matapos ang walong tao'y nasundan ng dalawa pa. Sa hindi inaasahang pangyayari, tinamaan pa ng sisto sa atay at sakit sa kidney ang aking asawa. 'Di kalauna'y nawalan siya ng hanapbuhay. Mga bata pa lamang ang aming mga anak kaya't sa mga panahong iyon ay nakaatang na sa aking mga balikat ang mga pangangailangan ng pamilya.

Nagtinda ako ng kakanin gaya ng turon, barbecue, kamote cue at budbod. Hangga't hindi nauubos ang mga paninda ko ay hindi ako umuuwi. Tumatanggap din ako ng trabaho sa pagganit sa mga paumahan. Lahat ng klase ng paghahanapbuhay na alam ko'y ginawa ko kahit mahirap at

nakakapagod sapagkat kailangan kong kumayod sa araw-araw matustusan lamang ang aming pangangailangan mula sa pagkain, gamot ng aking asawa, at sa pag-aaral ng aming mga anak.

Subalit ang kasalatang naranasan ko'y mas may ilulubha pa pala. Muntikan nang gumuho ang aking mundo sa pagkamatay ng aking asawa mula sa kanyang komplikadong karamdaman. Labis-labis ang aming pagdadalamhati sa mga panahong iyon. Ang pagkawala ng aking asawa'y naghatid ng napakahiganteng hamon sa akin bilang ina ng aking mga anak.

Bilang nag-iisang haligi at ilaw ng tahanan, kailangan kong maging matibay at matatag para sa aking mga anak. Mabigat man na pasanin ang aking bubuhatin, hindi ako maaaring sumuko at hintayin na pati ang aking mga anak ay mawasak din sa delubyo ng buhay at mapariwara ang landas.

Ang aking panganay ang naging katuwang ko sa paghahanapbuhay at pag-aalaga sa dalawa niyang mga kapatid. Sa madaling araw ay namamalengke ako para may maitinda samantalang ang panganay ko ang nag-aasikaso sa kanyang mga kapatid bago pumasok sa paaralan. Nagdadala rin siya ng mga paninda na inaalok niya sa kanyang mga kaklase at guro. Sa pagsapit naman ng dilim ay pumupwesto na ako sa tapat na aming sumasayaw na munting tahanan para magluto ng barbecue. Ang gabi ay ginagawa ko na ring araw upang kumayod.

Isang araw, may mga miyembro ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) CARAGA ang pumarito sa aming tahanan at naisama kami sa *survey* ng Pantawid Pamilya Pilipino Program (4Ps). Kami ay naisama sa interbyu na isinagawa

sa munisipyo ng aming lungsod. Napakapalad namin at kami'y naging kwalipikado bilang benepisyaryo ng programang ito.

Labis-labis ang aking kasiyahan dahil may katuwang na ako sa pagpapaaral at pagpapalaki sa aking mga anak. Mula sa araw na iyon, nagsimula nang maging banayad ang masukal na daloy ng aming pamumuhay.

Ang panganay ko ay nabigyan ng pagkakataong makapag-aral sa kolehiyo. Siya ay isa sa mga pinalad na maging Expanded Students Grants-in-Aid Program for Poverty Alleviation (ESG-PPA) *scholar.* Dahil dito, nakapagtapos siya ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in Biology bilang *cum laude*. Ang pangalawa kong anak ay nasa ika-labing dalawang baitang na, habang ang ikatlo naman ay nasa ika-sampung baitang. Sila ay parehong *consistent honor student*.

Dahil hindi na ako namomroblema pagdating sa pag-aaral at pagkain ng

aking mga anak ay nagkaroon ako ng pagkakataong mapalago ang aking negosyo. Kung dati'y nilalako ko pa ang aking paninda, ngayon, mayroon na akong maliit na *sari-sari store* sa tapat ng aming tahanan. Nakakabayad na rin ako sa mga gastusin sa bahay tulad ng kuryente at tubig. Ang mga utang na muntik nang malubog sa akin sa putikan ay nababayaran ko na rin.

Sa pamamagitan ng 4Ps, nabigyan ako ng karagdagang kakayahan sa pagnenegosyo at mas lalong nahasa ang mga talento ng aking mga anak.

Ngayon, gumagawa na ako ng mga *flower vases* na akin ding ibinebenta.

Ang panganay kong anak ay nagtatrabaho na sa Pamahalaang Lungsod ng Remedios T. Romualdez bilang Human Resource Officer. Ang ikalawa at ikatlong anak ko naman ay mas lalong napaghusayan ang pagiging manunulat at pagiging pintor na binigyang katuparan ng programa. Nakapag-uwi na rin ang aking mga anak ng mga medalya dahil sa kanilang mga talento.

Samantala, ako bilang ina ay patuloy na nagpupursige sa paghahanapbuhay para sa aking mga anak. Nananalig ang aming pamilya na paunti-unti na naming matutupad ang aming mga pinapangarap. ###

4Ps Kaisa
sa pagpapatibay ng pagkakakilanlan

Sinisikap ng 4Ps na makasama ang mga katutubong pangkat sa mga makakatamo ng programa at serbisyo nito. Katunayan, mayroong **660,763 na pamilyang katutubo** sa programa o 15.3% ng kabuuang bilang ng mga benepisyaryo nito ayon sa datos noong Disyembre 2020. Minomonitor ng programa at tinutugunan ang kanilang mga pangangailangan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang aktibidad ng pagpapaunlad sa tulong ng mga katuwang na ahensya ng programa.

Ang mga salaysay ng buhay ng mga katutubong pamilya na nakalakip dito ay nagpapakita kung paano naging kaisa ang 4Ps sa pagpapatibay ng kanilang pagkakakakilanlan.

Lagawe, Ifugao

Ballogan Family

Isinulat ni John Ballogan

Ako si John Ballogan, kabilang sa katutubong Tuwali. Sa isang munting tahanan sa Canablog, Poblacion West bayan ng Lagawe, kasama ng aking mabait at responsableng asawa ay bumuo kami ng isang pamilya. Biniyayaan kami ng limang anak na sina Joe Mike, Paulyn, John Paul, John Jr. at Princess Janna.

Ang aming panganay na si Joe Mike ay ipinanganak na nangangailangan ng espesyal na atensyon. Hindi siya nakapag-aral dahil sa kanyang kondisyon at kinailangang naming mag-asawa na magtrabaho kasabay ng pag-aalaga sa kanya. Kami lamang ang nagtuturo sa kaniya ng ng pag-aayos ng sarili, pakikisalamuha sa mga tao at iba pang magagandang asal.

Hindi madaling magkaroon ng *"special child"* sa pamilya pero ni minsan ay hindi namin inisip na pabigat siya sa amin. Malaki na lang din ang pasasalamat ko sa pangalawa kong anak na siyang naging panganay sa kanilang magkakapatid. Responsable siya at matulungin sa kanyang mga nakababatang kapatid. Ang pangatlo, pang-apat at ang aming bunso naman ay mga mababait at masunuring mga anak din.

Tulad ng iba, dumaan din ang aming pamilya sa mga pagsubok ng buhay. Ang aming bahay ay gawa sa pinagtagpi-tagping yero at kahoy. Tuwing umuulan o bumabagyo, aligaga kaming lahat. Nagkalat ang mga balde para sumalo sa mga tubig

na tumutulo mula sa bubong namin. Minsan, kapag sobrang lakas ng ulan, nakikisilong kami ng aking pamilya sa kapitbahay hanggang humupa ang ulan.

Iba't ibang trabaho ang pinasok ko. Minsan bilang isang *laborer*, minsan naman ay *job order*. Ngunit hindi pa rin sapat ang aming kita para suportahan ang pag-aaral ng aming limang anak at gamot ng aming panganay.

May mga araw na kapus na kapos kami na kahit bigas ay hindi kami makabili. Naranasan ng aming mga anak na kumain ng kanin na may asin o toyo. Masakit sa loob ko na tingnan sila sa ganoong kalagayan. Ngunit wala akong magawa sapagkat malaki ang gastusin namin sa pagpapagamot ni Joe Mike na pabalik-balik sa ospital. Lahat ng pwede kong mautangan ay inutangan ko na. At kapag mayroon na akong kita ay inuunti-unti kong binabayaran ang mga utang at ang natira ay ipinambibili ng bigas.

Isa na namang pagsubok ang dumaan sa aming buhay nang magkasakit ang aking maybahay na kinakailangan ng operasyon. Para akong binagsakan ng langit sa dami ng problema na sumusubok sa amin. Pinanghihinaan na ako ng loob pero hindi ko pwedeng ipakita sa aking mga anak. Ni minsan hindi ko sinisi ang Diyos sa aming paghihirap, bagkus Siya ang naging sandalan namin sa lahat ng aming pinagdaraanan. Hindi rin ako sinukuan ng aking mga anak. Sinamahan nila kami ng kanilang nanay sa pagharap sa mga problema.

Taong 2009, isa kami sa mga mapalad na naging benepisyaryo ng ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Isa itong bagong pag-asa na sumilay sa aming buhay at pagdinig na rin sa aking pagsusumamo sa Diyos.

Tumuntong ako sa kolehiyo at marami na akong naging karanasan, ngunit aaminin kong marami pa akong dapat matutunan sa buhay. Ang FDS ay isa sa naging daan upang matuto ako ng mga paraan tungo sa pagpapaunlad ng aking pamilya. Alam ko sa sarili ko na isa akong responsableng ama at asawa, ngunit mayroon pa pala akong mga tungkulin na dapat gampanan.

Dumalo ako sa AMMA *training* para matuto ng pagiging responsableng ama at kinalaunan ay naging *advocate* din sa aming pamayanan. Sa tulong ng FDS, napagtibay din ang samahan naming mag-asawa, at nakatulong sa pagpapalaki ng aming mga anak gayundin sa pagpapalago ng aming munting negosyo. Marami kaming natutunan tulad na lamang ng pagtatanim o *gardening* na naging solusyon sa mga araw na wala kaming makain. Lahat ng mga salita at payo na naririnig namin ng aking asawa tuwing FDS ay naging aksyon o gawa sa loob ng aming tahanan. Maliban sa tulong-pinansyal, nagkaroon din ng maayos na samahan ang aking pamilya.

Naging aktibo rin ako sa iba't-ibang asosasyon tulad ng AMMA, LAFETODAI, Market Vendors' Association, PTCA, Canablog Neighborhood Association, at Kiphodan Community Organization Inc. Kaagapay ko ang aking misis na tumulong sa aming pamayanan sa pamamagitan ng pagseserbisyo bilang isang barangay kagawad. Ang aming mga anak ay naging aktibo rin sa simbahan. Minsan ay iniimbita ako bilang *speaker* o tagapagsalita sa mga aktibidad o iba pang mga okasyon.

Unti-unti kaming nakabangon. Nabayaran namin ang aming mga utang sa awa ng Diyos. Inipon namin ang aming kita sa pagtitinda sa palengke upang makapagpagawa ng simple naming bahay. Hindi na muling mararanasan ng aking mga anak ang paglalagay ng mga balde upang masalo ang mga tumutulong tubig-ulan at ang pakikisilong sa kapitbahay tuwing may bagyo. Nakakakain na rin kami ng masarap na pagkain na hindi namin kayang bilhin noon.

Lumago ang aming munting tindahan ng gulay sa palengke at pumapasada na rin ako ng *tricycle*. Natuto kami ng asawa ko sa negosyo at paghawak ng pera sa *seminar* na aking dinaluhan tungkol sa *business entrepreneurial management* at sa *basic bookkeeping* sa aming FDS. Natuto kaming magtipid at mag-impok para sa mga pangangailangan ng aming mga anak lalo na at magkokolehiyo na si Paulyn ngayong pasukan.

Sa ngayon, ang aming anak na si Joe Mike ang naiiwan sa aming bahay at minsa'y siya ang gumagawa sa mga gawaing bahay habang kaming mag asawa ay naghahanapbuhay. Si Paulyn naman ang pumapalit sa aking asawa sa palengke kapag kami ay may kailangang ayusin na naayon sa aming sinumpaang tungkulin. Sina John Paul, John Jr. at Princess Janna ay masisipag na nag-aaral kahit ngayong panahon ng pandemya.

Hindi man kami mayaman, basta't may pagkain sa aming hapag-kainan ay kontento na kami. Basta't kami'y magkakasama, pagtutulungan naming abutin ang mga pangarap namin sa tulong ng gobyerno at higit sa lahat, sa gabay ng ating Panginoong Diyos. ###

Isabela, Basilan

Julhari Family

Isinulat ni Marymay Julhari

Mula sa pulo ng Tawi-Tawi, lumipat ang ilan sa mga katutubong Sama-Bajau sa Isabela, Basilan. Sa paglipas ng panahon, napili ang aking ama na si Buhali Adjilani bilang Panglima Bulakkah (Tribal Leader-Bottang Mattoa) ng aming tribo.

Hanggang sa kanyang huling hininga, kabilin-bilinan ng aking ama sa akin na gawing unang prayoridad ang mga katutubong Bajau at huwag itong pabayaan sa hirap o ginhawa. Ang mahalaga ay mapayapa kaming namumuhay bilang tribo. Ang mga katutubo ay nahihirapang lumaban na makamit ang kanilang karapatan. Kaya bilang isang anak, ako ay naatasan ng aking tatay na tumindig bilang boses ng aming tribo.

Ako si Marymay B. Julhari, 55 taong gulang anak ng yumaong Panglima Bulakka at ang asawa ko naman ay si Ahmadurajal H. Julhari. Mayroon kaming anim na anak, apat na babae at dalawang lalake.

Mahirap ang buhay namin noon na tila ba nakikipagsapalaran sa malakas na alon ng dagat. Mangingisda ang aking asawa. Kung mayroong huli, may makakain kami. Kapag wala, kahit lugaw lang ang kainin basta hindi kami malipasan ng gutom. Doble-kayod kami sa paghahanapbuhay ng aking asawa upang matustusan ang pag-aaral ng aming mga anak.

Bangka ang gamit bilang transportasyon ng aking mga anak

upang makapasok sa paaralan. Kahit gaano kalakas ang alon ng dagat naging desidido at pursigido ako upang makapasok sila sa paaralan. Naging prayoridad naming mag-asawa ang matustusan ang pag-aaral ng mga bata.

Upang makadagdag sa kinikita ng aking asawa bilang mangingisda, nagtayo ako ng maliit na tindahan. Sa bawat araw na may kaunting kinikita, inilalagay ko sa alkansya na gawa sa kawayan. Ang perang naiipon ko ay idinagdagdag namin bilang pambayad ng matrikula ng aking mga anak.

Nang dumating na ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), mas lumakas ang aking loob at naging matibay ang paniniwala na makakapagtapos ng pag-aaral ang aking mga anak.

Naging katuwang naming mag-asawa ang 4Ps. Ang gastusin ng mga bata sa pag-aaral ay halos hindi na namin problema.

Ang dalawa kong anak na sina Waliydaini at Khaliydina ay napasama sa Science Network

Section. Natutustusan na namin ang mga pangangailangan sa eskwelahan at mga proyekto sa paaralan. Nakakapagsumite na sila ng mga proyekto o *requirements* sa eskwelahan sa tamang oras at sila ay nabigyan ng karangalang *"with high honor"* mula 1st year hanggang senior high school.

Lahat ng natanggap namin na tulong-pinansyal mula sa 4Ps ay inilaan ko lahat sa edukasyon ng aking mga anak. Nagpapasalamat ako sa Diyos at sa 4Ps dahil nakapagtapos ng pag-aaral ang aking limang anak.

Sa aming tribo, bihira ang makapagtapos ng pag-aaral dahil may nakaugaliang kapag nasa tamang edad na ay maaari nang mag-asawa. Kaya *proud* ako sa aming narating bilang miyembro ng programa.

Dahil sa programa, ang aming pamilya ay naging miyembro ng Philhealth. Sa tulong nito, hindi naging mabigat sa bulsa namin ang bayarin sa ospital at ang ilang gamot ay libre naman sa *health center* sa aming lugar. Nakasama rin ang aking mga anak sa ibat' ibang *skills training* sa pagluluto, paggawa ng tinapay, at pag-*ooperate* ng kompyuter, at nabigyan din sila ng NCII sa mga ito. Malaki rin ang naitulong nito sa pagsisimula nila ng trabaho.

Muntik nang matangay ng malakas na alon ng dagat ang aming mga pangarap. Maraming salamat sa 4Ps dahil kami ay nasagip at nagabayan sa magandang direksyon sa buhay.

Sa kasalukuyan, ang tatlo naming anak ay nagtatrabaho na sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno. Mayroong titser, pulis, nagtatrabaho sa opisina upang makapagsilbi lalo't higit sa aming tribo. ###

Tamauini, Isabela

Balucas Family

Isinulat ni Lorente Balucas

Katulad ng ibang pamilyang napagkaitan ng mga materyal na bagay at maginhawang buhay, ang aming kwento ay dumanas din ng unos subalit pinagtibay ng pag-asa at pagmamahalan.

Ako si Lorente B. Balucas, 55 taong gulang, mula sa tribung Itneg na nakatira sa Brgy. Dy Abra bayan ng Tumauini, Isabela. Ako ay lumaki sa hirap subalit nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral at makapagtapos ng kursong Bachelor in Agricultural Education. Nakapagtrabaho ako sa pribadong institusyon ngunit kinalaunan ay mas pinili kong magtrabaho sa sakahan dahil mas maayos ang kita dito. Taong 1995 nang ako ay ikinasal kay Jesusa at kami ay biniyayaan ng pitong anak. Si John Paul ang panganay, at kasunod niya sina Lorente Jr., Jessa, Jolina, Christine Joy, Jaymark, at si John Keith ang bunso. Ako, bilang haligi ng tahanan, ang nagtratrabaho bilang magsasaka samantalang ang aking misis ang abala sa pag-aalaga ng aming mga anak. Minsan ay naglalako rin siya sa palengke upang magkaroon ng dagdag kita. Sa kabila ng aming pagkukulang sa kakayahang pinansiyal ay pinagsusumikapan naming palakihin sa simpleng pamumuhay ang aming mga anak. Subalit, hindi parin maikakaila ang reyalidad ng aming buhay.

Bago dumating ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ay iba't-ibang karanasan ang aming

pinagdaanan. Bilang mga magulang, napakasakit para sa amin na hindi maibigay ng lubos ang mga pangangailangan ng aming mga anak. Napakahirap na makitang pinagkakasya ng mga bata ang kakaunting pagkain sa hapag-kainan, ang makita silang nakamasid sa mga bagong laruan ng kanilang kalaro, at ang bigyan sila ng kakaunting baon sa eskwelahan.

Gustuhin man naming mag-asawa na maibigay ng sapat ang kanilang pangangailangan ay mahirap talaga. Nabahala kaming baka hindi namin mapagtapos ang aming mga anak sa sitwasyon ng aming buhay.

Ngunit, sa pagdating ng 4Ps ay nagkaroon kami ng pag-asa. Taong 2012 nang mapabilang ang aming pamilya sa programa. Kahit papano'y gumaan ang pasanin naming mag-asawa. Sa pagdalo ng buwanang FDS ay natuto kaming maging mas mabuting ehemplo sa aming mga anak pati na rin sa komunidad. Mas pinaigting namin ang aming samahan bilang pamilya sa pamamagitan ng pagpapahalaga ng aming relihiyon at pagsisimba ng sama-sama tuwing Linggo. Sa katunayan ay isa akong aktibong miyembro ng Knights of Columbus. Dagdag pa sa partisipasyon ko sa komunidad ay ang aking pagiging Tribal Chieftain ng Dy Abra Tinguians na isa sa mga organisasyong kinikilala ng NCIP na pumoprotekta at pinapanatili ang kultura at tradisyon naming mga Itneg.

Sa tulong ng programa ay natuto kaming mangarap, at ano mang problema ay kinakaya namin ng sama-sama. Subalit isang hindi inaasahang pangyayari ang gumulantang sa aming pamilya. Tila ang liwanag sa aming tahanan ay dumilim nang pumanaw ang aking asawa, buwan ng Mayo 2015. Limang taon lamang ang aming bunso nang si Jesusa ay mamatay, samantalang nasa kolehiyo na sina John Paul at Lorente. Tila pinagsakluban ako ng langit at lupa nang mga panahong iyon. Hindi ko alam ang gagawin, para akong napilayan. Tanging ang takot ko na mapabayaan ang aking mga anak ang nagtulak sa akin upang magpakatatag.

Isang malaking pagsubok sa akin ang tumayong ama at ina sa aking pitong anak. Hindi ko lubos maisip kung paano sila pag-aaralin ng sabay-sabay, lalo't nasa kolehiyo na ang dalawa kong panganay, samantalang papasok na rin ng kolehiyo si Jessa dahil nakatapos na sya ng high school. Hindi ko naman magawang pahintuin siya dahil nakapagtapos siya na mayroong karangalan.

Minsan ay pinayuhan din ako na patigilin muna sa pag-aaral ang iba kong anak, subalit tuwing nakikita ko sila na nagpupursigi ay nararamdaman ko ang panghihinayang. Panghihinayang sa kanilang potensyal, pati na rin sa programang aming katuwang. Sila ay masisipag na bata kaya't bilang responsableng ama at benepisyaryo ng 4Ps ay wala akong pinahinto sa kanila. Ayaw kong sayangin ang tulong ng programa sa amin kaya nagpursigi ako sa pagtatrabaho. Pinagsabay ako ang pagtatrabaho sa bukid, pagkakarpintero, pati na rin ang pagbenta ng bote at kahoy na panggatong. Dahil sa kagipitan ay naisanla ko rin ang maliit naming lupain noon, pati ang lumang *tricycle* na ginagamit naming service dahil nakatira kami sa bundok.

Di naglaon, sa tulong ng programa ay nagkaroon ng pagkakataong mapabilang si Lorente Jr. sa ESGP-PA *scholarship* ng 4Ps, samantalang sila John Paul at Jessa naman ay naging iskolar ng BRO for Education program.

Matapos ang ilang taon ay sa wakas, naka-*graduate* din sa kolehiyo ang panganay kong si John Paul ng Civil Engineering. Sumunod na nakatapos si Lorente Jr. sa kursong Education. Education din ang kinuhang kurso ni Jessa at pinarangalan siya bilang *cum laude*. Isang matamis na tagumpay para sa akin ang makita sa entablado ang aking mga anak sa bawat pagtatapos nila sa kolehiyo. Sa ngayon ay may mga trabaho na sila, si John Paul bilang isang *engineer* sa isang pribadong kumpanya, si Lorente bilang isang *regular teacher* ng DepEd, at si Jessa bilang *private-school teacher*. Maliban sa programang Pantawid ay kaagapay ko na rin sina John Paul, Lorente Jr., at Jessa na kusang tumutulong upang makapag-aral ang apat pa nilang kapatid. Sa kasalukuyan, nasa 1st year College na si Jolina sa kursong BS in Agriculture. Si Christine Joy at Jaymark na mino-*monitor* ng programa ay nasa Grade 11 at Grade 8 na rin at parehong *honor students*. Samantala, ang bunsong si John Kate ay nasa Grade 6 na. Anuman ang gusto nilang tahakin sa buhay ay patuloy kong susuportahan.

Alam kong hindi dito nagtatapos ang aming kwento subalit nakahanda kami sa anumang hamon ng buhay ang dumating sa amin. Isang karangalan sa akin ang maging ama ng aking mga anak at magsilbing sandalan nila. At kung magkakaroon man ng pagkakataong balikan ang bawat pahina ng aking buhay, masaya kong lilingunin ang bawat pagbagsak at pagsubok, kasabay ng unti-unti naming paglaban at pagbangon. ###

PANTAWID PAMILYANG PILIPINO PROGRAM
GRANT
DOLE
DPED
DOH
SLP
KALAHI-CIDDS
PAMANA
Poverty
COLLEGE
HARDWORK
FAITH
CONSISTENCY
RICE

DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT
Pantawid Pamilyang Pilipino Program

IBP Road, Batasan Hills, Quezon City
Tel. 931-8108 loc 421-423

MAAGAP at MAPAGKALINGANG SERBISYO!

#DSWDMayMalasakit

www.pantawid.dswd.gov.ph

@DSWDPantawidPamilya

@PantawidPamilya